# PAGSIPAT SA NOBELANG "SI" NI BOB ONG GAMIT ANG DULOG ROMANTISISMO

**Jayson A. Carreon [1] and John A. Ocampo, Ph.D. [2]**

Core Gateway College, Inc.San Jose City, Nueva Ecija, Philippines[1]
Department of Education, Division of Science City of Munoz[2]

Corresponding authors' email: jaysonagasidcarreon@gmail.com[1] and john.ocampo@deped.gov.ph [2]

---

## ABSTRACT

This research was conducted to deeply analyze the content of the novel 'SI' by Bob Ong, a significant literary work with a unique narrative, through the Theory of Romanticism. This qualitative research with a descriptive design aims to show people's experiences trying long-distance love or long-distance relationships. The study uses Content Analysis and is based on explorations in the novel; it consists of two (2) characters, Mr. Trinidad and Victoria Fulgencio - Trinidad as well as two (2) settings, Manila and Rizal. The Plot shows the importance of romanticism through the actions of the characters and scenes within the novel, where the passionate love of each character was shown in some selected scenes. The researcher developed a 'Video Lesson or Video Presentation' proposal to help students' interactive learning in Grade 10. There was a review and evaluation of the developed Video Lesson or Video Presentation that was answered by two (2) Teachers III from the Division of San Jose City, Nueva Ecija, at Caanawan National High School. The result, scoring 68 in total, was a resounding endorsement of the proposal's effectiveness, instilling confidence in its potential to enhance learning.

***Keywords.*** *Analysis, novel, romanticism, video lesson, or video presentation*

# INTRODUKSYON

Pinaniniwalaan na bago pa man dumating ang mga dayuhan sa Pilipinas ay talagang bahagi na ng buhay ng mga katutubo noon ang pagkatha ng ilang akdang pampanitikan, ilan sa mga katunayan na hindi mapasisinungalingan ay ang ilang nakaukit sa kweba na hanggang sa ngayon ay kababakasan ng kayamanan ng literatura ng bansa bagaman niluma na ng panahon pero ang ambag sa kasaysayan ay nananatiling maningning.

Dahilan sa bigat ng hamon ng buhay gawa ng araw-araw na pakikipagsapalaran sa mundong nakasanayan, ginagawang motibasyon ng ilan ang komposisyon ng iba't ibang akdang pampanitikan marahil dito sila nakararanas ng panandaliang pahinga o dili kaya'y tanging ang kapirasong papel at panulat lamang ang nagsisilbing niyang kausap at kakampi sa kabila ng mapanghusgang mundo. Ang tunay na panitikan ay walang kamatayan, nagpapahayag ng damdamin ng tao bilang ganti niya sa kanyang pang-araw-araw na pagsusumikap upang mabuhay at lumigaya sa kanyang kapaligiran Atienza (2009)

Ngunit hindi lamang sapat na maunawaan ng literal ang nilalaman ng binabasang akda, sapagkat kung hindi naunawaan ng mambabasa ang isang partikular na akda, posibleng tawagin itong pag-iingay lamang dahil walang naganap na pag-unawa sa pagitan ng teksto at ng taong bumabasa nito. Ang panunuring pampanitikan ay isang malalim na paghimay sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng paglalapat ng iba't ibang dulog ng kritisismo para sa mabisang pag-unawa sa mga malikhaing manunulat at katha, sa pagsusuri, kinakailangan ang lubos na kaalaman sa kathang sinusuri tulad ng buong nilalaman ng akda, paraan ng pagkabuo nito at ang ginamit ng awtor na pamamaraan o istilo. Guiňares (2019)

Nakabuo ng isang *video presentation* ang mananaliksik tungkol sa pagtalakay ng nobela gayundin ng pagsusuri ng akdang pampanitikan na kung saan maaari itong maging kagamitang pampagtuturo ng guro at mas lalo't higit bilang kagamitang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa talakayan.

**Suliranin ng Pag-aaral.** Matukoy ang mga salik na nakaangkla sa kinahaharap na problema ng mga kabataan. Mga pagbabago na kung saan nagiging resulta nito ang kawalan ng pokus sa pag-aaral.

# METODOLOHIYA

Ang isinagawang pag-aaral ay ginamitan ng Disenyong Kwalitatibo. Ang nobelang "SI" ni Bob Ong ay sinuri sa pamamagitan ng pag-aanalisa sa nilalaman ng mga ito. Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng panunuring panitikan (*literary analysis*) upang malalim na masuri ang nobela. Teoryang Romantisimo ang ginamit na batayan sa pagsusuri upang galugadin ang mga mahahalagang pangyayari sa buhay ng tauhan sa loob ng nobela.

Ngunit tradisyonal na uri ng dulog romantisismo ang ginamit sa pagsusuri ng nobelang ito upang maging malinaw at maayos ang kalalabasan ng datos sa pag-aaral. Ayon kay Limbo (2015), ang tradisyonal na romantisismo ay humihilig sa makasaysayan at nagpapanatili o pagbabalik sa mga katutubo at tradisyunal na pagpapahalaga tulad ng nasyunalismo, pagkamaginoo at pagkakristiyano. Dumadakila sa halagang pantao. Samakatwid pasok ang nobela sa uri na ito ng dulog romantisismo dahil sa loob ng akda ay mababakas ang pagpapahalaga at pagdakila sa tao. Dahilan sa nakitang problema ng mananaliksik tungkol sa kakulangan ng kagamitang pampagtuturo ng guro at kagamitang pampagkatuto ng mga mag-aaral para mas madaling maunawaan ang talakayan ukol sa pagsusuri, minabuti ng mananaliksik na bumuo ng isang *video presentation* para lubusang maunawaan ng mag-aaral ang ispesipikong aralin na ito. Para malaman ang kabisaang ng nabuong *video presentation,* dumaan ito sa masusing pagbabalido ng dalawang Guro III buhat sa Caanawan National High School, Dibisyon ng San Jose City, Nueva Ecija.

# RESULTA AT PAGTALAKAY

Sa bahaging ito ay inilahad ang kabuoan ng pagsusuring ginawa ng mananaliksik sa nobelang "SI" ni Bob Ong gamit ang teoryang romantisismo.

**Pangunahing tauhan sa nobela na nagbigay kulay sa nilalaman ng akda**

**Tauhan**

Makikita sa Talahanayan Blg. 1 ang pangunahing tauhan sa nobela

**Talahanayan Blg. 1: Pangunahing Tauhan**

| PANGUNAHING TAUHAN | DESKRIPSIYON |
|---|---|
| *Ang Tagapagsalaysay* *(G. Trinidad)* | Isang huwarang ama si G. Trinidad sa kaniyang asawa maging sa kaniyang mga anak, sapagkat maraming mga mabibigat na pagsubok ang dumaan sa kanilang pamilya ngunit hindi kinakitaan ng panghihina ng loob ang haligi ng tahanan pagdating sa usapin sa pinakamaliit na yunit ng Lipunan – ang pamilya.<br>Ngunit sa katotohanan ay hindi totoong nabuhay si G. Trinidad sa loob ng nobela sapagkat siya ay hindi binuhay ng kaniyang ina at batay sa ilang *book review* siya ay pinalaglag sa ikatlong *trimester* ng pagbubuntis nito |
| *Victoria Fulgencio - Trinidad* | Isang huwarang ina sa kaniyang mga anak, matatag sa hamon ng buhay si Victoria marami siyang pinagdaanan sa loob ng nobela na tila hindi kakayanin ng ilan, ang mamatayan ng anak, ang problema sa anak na maagang nabuntis, ang malayo sa kaniyang minamahal.<br>Larawan si Victoria ng isang babae na matatag sa pag-ibig na kahit na dumaan sila sa *long disctance relationship* ni G. Trinidad ay nanatiling tapat pa rin siya rito at hindi nagpaligaw sa Maynila kahit na maraming binata ang nagtangka na sungkitin ang kaniyang nangungulilang puso sa isang binata na naiwan sa Rizal. |

Binigyang pansin sa talahanayan 1 ang kalagahan ng tauhan sa isang nobela sapagkat, patay ang isang akdang pampanitikan kung walang mga tauhan dahil ito ang mga nagsisilbing buhay at kulay sa loob ng akda. Sa pamamagitan ng mga tauhan mas nagiging kapana-panabik

sa mga mambabasa ang mga susunod na tagpo sa isang partikular na akda dahil may mga pagkakataon na nagugustuhan o kinaiinisan ng mga bumabasa ang tauhan na kanilang sinusubaybayan sa isang teksto.

**Tagpuan**

Makikita sa Talahanayan Blg. 2 ang mga tagpuan sa nobela

**Talahanayan Blg. 2: Mga Tagpuan sa nobelang "Si" ni Bob Ong**

| TAGPUAN | PAGLALARAWAN |
|---|---|
| **Rizal** | Ang lugar na ito ang naging piping saksi sa pagmamahalan nina Victoria at G. Trinidad maging masalimuot man o masaya. |
| **Maynila** | Ang lugar na ito ang isa sa mga naging dahilan kung bakit nagkalayo ang magkasintahan na sina Victoria at G. Trinidad, dala ng *long distance relationship* maraming mga naging sagabal sa pagmamahalan ng dalawa nariyan ang pagdududa sa isa't isa |

Sa talahanayan 2 makikita ang mga tagpuan na nagbigay buhay sa kabuoan ng akda sapagkat malungkot ang nobela kung walang tagpuan, posibleng hindi basahin ang isang akda kung walang mga lugar na babanggitin sa mga pinangyarihan ng tagpo dahil isa ang tagpuan sa mga nagbibigay ng kasabikan sa mambabasa upang tapusin hanggang wakas ang akda.

Ayon kay Bacanaya (2020), ang tagpuan ay ang panahon at oras kung kailan at saan ang kuwento ng pelikula nagaganap, mahalaga ang tagpuan sa estorya ng isang pelikula sa panunuri. Nararapat lamang mabatid kung saan naganap ang madudulang tagpo sa buhay na inilahad sa pelikula.

**Tema**

Makikita sa Talahanayan Blg. 3 ang mga tagpuan sa nobela

**Talahanayan Blg. 3: Tema o Paksa ng Nobela**

| TEMA O PAKSA | DIYALOGO/EKSENA |
|---|---|
| **Pag-ibig** | "Kung matatakot si Mary Ann, gusto kong sa akin siya tumakbo. Kung malulungkot siya, malungkot siya dahil wala ako. Kung maiinip siya, mainip siya sa paghihintay sa akin. Kung mag-aalala siya, ang kaligtasan ko ang dapat iniisip niya. Kung tatawa siya, dapat ay dahil sa aking sinabi o ginawa. Kung maiinis siya, magagalit, at makikipag-away, gusto kong ako ang kapootan ng puso niya. At kung iibig siya, kung magmamahal siya nang totoo, kung may pakakasalan siya, dapat 'yon ay walang iba kundi ako. Ako lamang ang nasa isip niya at ang laman ng puso niya. Ako lang. Walang iba. Ako dapat ang lahat para sa kanya. Kung hindi ako ang buhay niya, hindi na 'ko dapat mabuhay pa". p. 48 |

Sa nilalaman ng nobela matutunghayan ang atakeng ginawa ni Bob Ong kung paano niya pinalutang sa masining na pamamaraan ang damdamin na nais niyang ipadama sa mga mambabasa nito. Pinakilos ni Bob Ong ang mga tauhan sa loob ng nobela batay sa ipinakitang pagmamahalan ng mga ito.

Batay sa isang artikulo na inilabas ni Cereno (2020), na may pamagat na – Tema ng Maikling Kwento, "ang tema ang pangkalahatang kaisipang nais palutangin ng may-akda sa isang maikling kwento. At ang kaisipang ito ang binibigyan ng layong maikintal sa isipan ng mga mambabasa.

**Banghay**

Makikita sa Talahanayan Blg. 4 ang banghay ng nobel

**Talahanayan Blg. 4: Banghay sa nobelang "Si" ni Bob Ong**

| BANGHAY | PAGLALAHAD |
|---|---|
| **Simula** | Pabalik-tanaw o *flashback* ang ginawang atake ni Bob Ong sa pagbuo ng nobela, kung mapapansin sa pagbabasa ng akda na tila ba nagsimula sa katapusan ang mga pangyayari. Sa pasimula'y masaya ang pamilya Trinidad nariyan ang matagumpay na pagbubukas ng kainan ni Veronica, pero hindi mawawala ang trahedya, sabi nga may kapalit na kalungkutan ang kasiyahan, sa mga susunod na tagpo ginulat na lamang ang mag-anak ng isang balitang patay na si Juliano – ang panganay na anak ng mag-asawang Trinidad. Ngunit sa kabila ng dagok sa buhay, nanatiling matatag ang mag-asawa at nagpatuloy sa agos ng buhay. |
| **Gitna** | Sa kalagitnaan ng nobela, kapansin-pansin na sinubok ng mga problema ang pamilya Trinidad nariyan na binaha sila kasama ng lahat ng mga mahahalagang gamit. Walang natira, kung mayroon man ay ang talagang kinakailangan na lamang, ang naisalba. Nagkasakit ang mga anak nila na maituturing na yaman ng mag-asawa. Si Lourdes – ikalawang anak ni Victoria at G. Trinidad na pinagkaitan ng panahon upang masilayan ang kagandahan ng mundo, gayundin ang binabanggit sa nobela tungkol kay Veronica na ilang beses nagpabalik-balik sa ospital sa hindi malinaw na dahilan. May magandang nangyari pa rin sa pamilya Trinidad at ito ay ang biyayang pagkalooban muli sila ng isang anghel si Lorenzo – ang ikatlong anak. |

**Karugtong, Talahanayan Blg. 4**

| BANGHAY | PAGLALAHAD |
|---|---|
| **Wakas** | Sa wakas ng nobela makikita ang pagsusumamo ng pangunahing tauhan sa kaniyang ina na buhayin siya upang masilayan man lamang sana ang kagandahan ng mundong ibabaw, gayundin upang mapagbigyan ang pagmamahalan na ninanais nito. Ngunit dahil sa bunga ng bawal pag-ibig, ay hindi siya pinakinggan ng kaniyang ina at siya'y pinalaglag ng tuluyan. Sa madaling sabi kapuwa ang kaniyang ina at ama ay mayroong asawa. |

Ipinakikita sa talahanayan 4 na mahalaga ang pagkaunawa sa teksto ng isang mambabasa ng akda dahil kung walang pagka-unawa ay maituturing lamang na isang ingay ang ginawa at hindi pagbabasa. Lubhang napakahalaga ang masining na pagtahi ng awtor sa mga pangyayaring nagaganap sa loob ng isang akdang pampanitikan, ngunit kinakailangan na ang tagpo ay magkaka-ugnay at magkakasunod-sunod dahil kung maayos ang pagkakatagni-tagni ng mga ito mas magiging madaling unawain ang nilalaman ng teksto. Dahil mula sa pahayag ni Centizas (2014), ang banghay ay salaysay o mga pangyayaring bumubuo sa akda o mga pangyayaring tungkol sa salaysay gayundin ito ay isang balangkas ng mga pangyayari na inayos at ipinag-ugnay ng isip.

**Kabisaan ng Nabuong "*Video Lesson o Video Presentation*"**

Makikita sa Talahanayan Blg. 5 ang bisang pampanitikan sa nobela

**Talahanayan Blg. 5: Resulta ng Pagtataya sa Kabisaan ng Nabuong "*Video Lesson o Video Presentation*"**

| Batayan | GI | GII | Pinagsamang tuos | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| *Content Quality* | 37 | 38 | 37.5 | *Very Satisfactory* |
| *Instructional Quality* | 37 | 38 | 37.5 | *Very Satisfactory* |
| *Technical Quality* | 45 | 45 | 45 | *Very Satisfactory* |
| *Other Findings* | 16 | 16 | 16 | *Very Satisfactory* |
| **Kabuoan** | | | **68** | ***Very Satisfactory*** |

| *Factors* | *Interpretation* |
|---|---|
| *Content Quality* | *The resource must score at least 30 points out of a maximum of **40 points** to pass this criterion.* |
| *Instructional Quality* | |
| *Technical Quality* | *The resource must score **at least 30 points** out of a maximum of **40 points** to pass this criterion.* |
| *Other Findings* | *The resource must score at least 16 points out of a maximum of **16 points** to **pass** this criterion.* |

Isinagawa ang pagtataya sa kabisaan ng nabuong *Video Lesson o Video Presentation* sa pamamagitan ng talatanungang ipinataya sa dalawang (2) Guro III sa sa Dibisyon ng San Jose City Nueva Ecija, mula sa Caanawan National High School.

Nagkaisa ang mga tagataya sa kabisaan ng *Video Lesson o Video Presentation* batay sa pangkabuoang resulta na 32 na nangangahulugang sapat ang ginawang awtput.

Sa *content quality* ang naging resulta ng pinagsamang tuos ay 37.5 na nangangahulugang sapat na sapat. Sa *instructional quality* naman ay 37.5 na ang interpretasyon ay sapat na sapat. Sa *technical quality* ay 37.5 na nangangahulugang sapat na sapat at panghuli ay ang *Other Findings* na nakakuha ng 37.5 na nagpapatunay na sapat na sapat ang ginawang pagtataya sa *Video Lesson o Video Presentation.* Sa kabuoan ng isinagawang pagtataya ng mga eksperto, nangangahulugan lamang na naging mabisa, makahulugan at makabuluhan ang nilikhang *Video Lesson o Video Presentation* ng mananaliksik.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga nakalap na datos at impormasyon, ang mananaliksik ay humantong sa sumusunod na kongklusyon, lumutang sa kabuoan ng nobela ang mga sumusunod dalawang (2) tauhan na sina G. Trinidad at si Gng. Victoria Fulgencio-Trinidad, samantalang ang probinsya ng Rizal at ang Maynila ang bumuo sa dalawang (2) tagpuan sa nobela, ang paksa o temang pinakanangibabaw sa nobela ay ang labis na pag-aalay na pagmamahal sa kapwa tao, partikular sa kasintahan. Ang banghay na simula, gitna at wakas ay nagpakita ng kahalagahang romantisismo sa pamamagitan ng ipinakitang kilos at gawi ng mga tauhan sa loob nobela. Nakabuo ng mungkahing *Video Lesson o Video Presentation* ang mananaliksik mula sa pagsusuri ng nobelang "Si" ni Bob Ong na makatutulong sa interaktibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa Baitang 10. Nagkaroon ng pagsusuri at ebalwasyon para sa nabuong *Video Lesson o Video Presentation Kit* na sinagutan ng dalawang (2) Guro III mula sa Dibisyon ng San Jose City, Nueva Ecija sa Caanawan National High School at ang naging resulta ay sapat na sapat dahil ito ay nagkamit ng 68 sa kabuoan.

Kaugnay ng isinagawang pag-aaral, buong pagpapakumbabang iminumungkahi ng mananaliksik sa mga kinauukulang indibiduwal, pangkat, tanggapan o institusyon ang mga sumusunod na rekomendasyon: una, iminumungkahing pag-ibayuhin pa ang pag aaral at pagsusuri sa nobela hinggil sa mga elemento nito tulad ng tauhan, tagpuan, banghay at paksa upang masuri nang wasto Ikalawa, Iminumungkahi sa kinauukulan ng *Department of Education* na maging

bahagi rin ng lunsaran ng pagkatuto ang nobelang sinuri sa pagtalakay ng nobela gayundin sa pagsusuring pampanitikan upang makilala ang mga modernong manunulat gayundin ang kanilang mga akda. Ikatlo, para sa mga magtatangkang basahin ang nobelang ito, iminumungkahing isagawa ang dalawang paraan ng pagbasa, upang matunton ang anumang hiwaga na nakabalot sa nobelang ito. Ikaapat, para sa mga magtatangkang basahin ang nobelang ito, iminumungkahing isagawa ang dalawang paraan ng pagbasa, upang matunton ang anumang hiwaga na nakabalot sa nobelang ito. Iminumungkahing mailathala ang papel na ito sa pagpapaangat ng panitikang Pilipino partikular ang panunuring-pangkasarian. Makatutulong din ito sa mga guro ng panitikan sa antas sekondarya at kolehiyo

# REFERENCES


Atienza., Ramos., Salazar., (2009). Ibat-ibang Kahulugan ng Panitikan Ayon sa Ibay-ibang Awtoridad. Mula sa http://thenzai.blogspot.com/2009/06/ibat.html

Bacanaya, M. (2020). T a g p u a n m ul a sa https://prezi.com/p/m1ku36jknjrb/tagpuan/

Centizas, L. (2014). Limang Elemento ng Nobela. Mula sa https://www.slideshare.net/lovelycentizas/limang-elemento-ng-nobela

Cereno, I.J. (2020). Tema NG Maikling Kwento. M ula sa https://www.scribd.com/document/478754886/Tema-ng-Maikling-Kwento#

Guiňares, E.B. (2019). Panunuri. Mula sa https://www.scribd.com/document/401284045/PANUNURI-docx

Limbo, D. (2015). Teoryang Romantisismo. Mula sa https://donamaylimbo.wordpress.com/2015/10/07/teoryang-romantisismo/